Ang paghahalintulad sa ipinadala sa akin ni Allāh na patnubay at kaalaman ay gaya ng paghahalintulad sa maraming ulan, na tumama sa isang lupain

Ayon kay Abū Mūsā (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang paghahalintulad sa ipinadala sa akin ni Allāh na patnubay at kaalaman ay gaya ng paghahalintulad sa maraming ulan, na tumama sa isang lupain. Mula rito ay may isang bahaging dalisay na tumanggap ng tubig saka nagpatubo ito ng maraming pangkumpay at damo. Mula rito ay may mga matigas [na bahagi] na pumigil sa tubig kaya nagpakinabang si Allāh sa pamamagitan ng mga ito sa mga tao sapagkat uminom sila, nagpatubig sila, at nagsaka sila. Tumama iyon mula rito sa ibang bahagi. Ang mga ito lamang ay mga kapatagang hindi pumipigil sa tubig at hindi nagpapatubo ng pangkumpay. Iyon ay ang paghahalintulad sa sinumang umunawa sa Relihiyon ni Allāh at nagpakinabang sa kanya ang ipinadala sa akin ni Allāh kaya nakaalam siya at nagturo siya at ang paghahalintulad naman sa sinumang hindi nag-angat dahil doon ng ulo at hindi tumanggap sa patnubay ni Allāh na ipinasugo ako dahil doon."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Humahangang nagwangis ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa nakikinabang sa inihatid sa kanya na katunayan at daang nagpapaabot sa hinihiling at kaalamang pangkapahayagan sa lupang bumababa rito ang maraming ulan. Ang paghahalintulad na ito ay tatlong uri: A. Isang lupaing kaaya-aya na tumatanggap ng tubig ng mga ulan kaya nagpapatubo ng maraming halaman bilang sariwa at bilang tuyot saka nakinabang ang mga tao sa mga ito. B. Isang lupaing tagapigil ng tubig subalit ito ay hindi nagpapatubo ng pananim kaya ito ay nag-iingat ng tubig upang makinabang dito ang mga tao sapagkat umiinom sila at nagpapatubig sila ng mga hayupan nila at mga pananim nila. C. Isang lupaing patag na madulas na hindi pumipigil sa tubig at hindi nagpapatubo ng pananim kaya hindi ito nakikinabang sa tubig na iyon sa sarili nito at hindi nakikinabang ang mga tao mula rito. Kaya ganito ang mga nakarinig noong ipinadala dahil dito ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na may kaalaman at patnubay. Ang una ay ang nakaaalam na nagpakaunawa sa Relihiyon ni Allāh, na tagagawa ayon sa kaalaman niya, na tagapagturo sa iba sa kanya, kaya siya ay nasa antas ng lupaing kaaya-aya, na uminom kaya nakinabang sa sarili nito at nagpatubo kaya nagpakinabang sa iba pa. Ang ikalawa ay ang nakasasaulo ng kaalaman subalit wala siyang pagkaintindi at paghihinuha sapagkat siya ay tagatipon ng kaalaman, na nagpakaabala ng panahon niya roon, gayon pa man hindi siya nagsagawa ng mga kinukusang-loob dito o hindi siya nakaunawa sa tinipon niya kaya siya ay isang kasangkapan ng iba sa kanya. Siya ay nasa antas ng lupaing pinagtitigilan ng tubig para makinabang ang mga tao rito. Ang ikatlo ay ang sinumang nakaririnig ng kaalaman ngunit hindi nakapagsasaulo nito, hindi nagsasagawa nito, at hindi nagpaparating nito sa iba pa sa

kanya kaya siya ay nasa antas ng lupaing maasin o madulas na walang halaman dito at hindi tumatanggap ng tubig o nakasisira nito sa iba pa.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/4233